# *Modyul Blg. 18*

## *Pagsusuri ng Nobelang Noli Me Tangere Batay sa paggamit ng Tunggalian, Tayutay, Matatalinhagang Pahayag at Simili*



### *Tungkol saan ang modyul na ito?*

Mahal kong Mag-aaral,

Magandang araw sa iyo. Kumusta ka? Muli na naman tayong magkakasama. Inaasahan kong natulungan ka ng mga naunang modyul na ginawa ko para sa iyo.

Muli, naghanda na naman ako ng modyul na tutulong sa iyo upang lalo mong mapaunlad at mapayaman ang iyong mga kasanayan sa pagsasalita, pagbasa at pagsulat.

Sa mga araling inihanda ko, masusuri mo ang akda sa pamamagitan ng pagbibigay ng pansariling interpretasyon sa kaisipang inilahad, pangyayaring inisa-isa at pagpapahalagang moral nito. Makabubuo ka ng kritikal na pagpapasya batay sa epektibong paggamit ng tunggalian, simbolismo, tayutay at matatalinhagang kaisipan.


Mapatutunayan mo rin na ang pagtataglay ng mabuting ugali at asal ay makapagpapaunlad sa tao.



### *Ano ang matututunan mo?*

Ang layuning panlahat ng modyul na ito ay:

Napahahalagahan ang akda batay sa mga tiyak na pamantayang pampanitikan.



### *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*


Patnubay mo sa iyong sariling pagkatuto ang modyul na ito. Kagamitan mo ito bilang gabay sa tulong ng mga tuntunin. Upang maging makabuluhan at wasto ang paggamit nito, kinakailangang maging malinaw sa iyo ang mga tuntuning dapat mong sundin.

Huwag kang mabahala, simple lamang ang mga ito.

1. Sagutin mo ang Panimulang Pagsubok o ang bahaging Ano Na Ba Ang Alam Mo? Layunin nitong masukat ang lawak ng kaalaman mo sa paksa.

2 Iwasto mo ang iyong mga sagot sa tulong ng Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro Kung magkaroon ka man ng maraming mali, okay lang iyon. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.
3. Pag-aralan mong mabuti ang mga aralin. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawaing inihanda ko. Unawain mong mabuti ang bawat panuto.
Mahalaga ito upang masagot mo nang wasto ang mga pagsasanay.
4. Matapos mong gawin ang mga Pagsasanay tingnan mo kung naragdagan ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang Pangwakas na Pagsusulit o ang bahaging, Ano Na Ba Ang Alam Mo? Pagkatapos, iwasto mo ang iyong mga sagot sa tulong ng Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro. Maging matapat ka sa pagwawasto.
5. Gamitin mo nang wasto ang modyul na ito. Kaibigan mo ito.
6. Pag-isipan mong mabuti ang mga tanong bago mo sagutin ang mga ito.
7. Huwag mo itong susulatan. Gumamit ka ng sagutang papel o notebuk.

Pahalagahan mo ang modyul na ito. Ito'y iyong kaibigang tunay na nagmamalasakit sa iyo.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Panuto: Sagutan ang mga sumusunod. Isulat ang iyong sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.

A. Piliin sa loob ng kahon ang letra ng ipinahihiwatig sa bawat pahayag.
1. Sa simula ng daigdig ay nagbaka na ang mga hayop at ang mga daig-daigan ay nangamatay at nangalipol.
2. Ang pakikibaka ay batas ng buhay.

| |
|---|
| a. Ang tao upang mabuhay ay kailangang makipagsapalaran.<br>b. Lagi nang namamayani ang malakas laban sa mahina.<br>c. Ang tao ay dapat na makipaglaban sa maraming bagay. |

B. Piliin ang nais ipakahulugan ng paggamit ng mahaba, maiikling pangungusap at pag-uulit nito.
3. Lumayo kayo!. . . Lumayo kayo. . .!
   a. Binibigyang-diin ang kahalagahan ng paglayo.
   b. Ayaw magsilayo ng tao kaya inuulit-ulit ang pagsasabi.
   c. Napakahalaga ng madaling paglayo.
   d. Lahat ng nabanggit.
4. "Ang ayaw mamatay ay huwag lumapit, dinala siya ng Diyos sa akin; hinatulan siya ng Diyos!" Ang nagsasalita ay ______.
   a. napopoot   b. nagmamakaawa   c. nakikiusap   d. wala sa nabanggit

C. Sabihin kung anong uri ng tunggalian ang nasa bawat pahayag. Piliin ang letra sa loob ng kahon.

5. Lagi na lang niyang iniisip ang sasabihin ng iba, kaya't hindi makapagpasya si Tenyente Guevarra.
6. Si Donya Consolacion ay isa sa nagdulot ng mga kasawian ni Sisa.
7. Kamangmangan ang dahilan kung bakit maraming Pilipino ang alipin ng mga dayuhan.

a. Tunggaliang tao sa sarili.
b. Tunggaliang tao sa kapwa-tao.
c. Tunggaliang tao sa lipunan.

D. Piliin sa loob ng bilog ang letra ng tayutay na ginamit sa bawat pahayag.

8. Malakas ang kabog ng pagbayo ni Ibarra sa ulo ni Padre Damaso.
9. Ang bayan ay nagtitiis ng hirap sa gitna ng karangyaan ng pamahalaan at simbahan.
10. Nagliliyab ang mata ni Ibarra sa galit.

| | |
|---|---|
| a. eksaherasyon | d. simili |
| b. personipikasyon | e. metapora |
| c. onomatopeya | |

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

# *IV. Aralin 1. Batas ng Buhay (Kab. XXXII – XXXIX)*

A. Anu-Ano Ang Mga Tiyak na Matututuhan Mo Sa Araling Ito ?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan;

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga pahiwatig o konotasyon.
2. Nailalapat ang pansariling interpretasyon sa akda batay sa;
   - kaisipang inilahad
   - pangyayaring inisa-isa
   - opinyong nangibabaw
   - paniniwalang pinaninindigan
   - argumentong inilahad
   - pagpapahalagang moral

- pagkamakatotohanan

3. Nakabubuo ng kritikal na pagpapasya batay sa
   - epektibong paggamit ng tunggalian
   - epektibong paggamit ng tayutay
4. Napatutunayan na ang pagtanaw ng utang na loob ay gintong hiyas ng buhay na dapat taglayin ng lahat.
5. Nakasusulat/nakabubuo ng mga pahayag na may kaugnayan sa kaisipan ng akdang binasa.


## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

**A. Panimulang Gawain**

**A.1 Alamin Mo…**

> Ang mga Pilipino ay kilala sa pagiging mapahiin sa pagtatayo ng bahay o ng mga gusali.
> Ang sumusunod ay mga kaaniwang pamahiing tunay na sinusunod sa pagtatayo ng mga nabanggit

a. Sa pagbubuhos o pagsesemento ng mga poste ng bahay.




Sa araw na magbubuhos na o magsesemento ng mga poste ng bahay, dapat na magpatay ng manok upang may dugong tumulo.

b.





Kapag gumawa ng baytang ng hagdanan dapat na magsimula ito sa ORO – ginto, susundan ito ng PLATA o pilak at magtatapos ito sa MATA o tanso.

c.




Dapat ang bintana ng bahay ay nakatapat sa Silangan upang ang sikat ng araw sa umaga ay dito nakatapat.

d.



Huwag itapat ang pinto sa hagdan

e.



Huwag itatayo ang bahay sa tumbok ng kalsada.

**A. 2.** Ano kaya sa palagay mo ang dahilan ng mga pamahiing nabanggit?

Panuto: Itapat ang mga pamahiing nasa Pagsasanay A.1 sa mga dahilang nasa kanang bahagi.

| Pamahiin sa Pagsasanay A.1. | Mga Dahilan |
|---|---|
| a | - 1. Upang maiwasan ang mga disgrasya |
| b | - 2. Upang swertihin ang buhay ng mga naninirahan sa bahay. |
| c | - 3. Upang huwag lumabas sa bahay ang grasya. |
| d | - 4. Upang ang biyaya ng Diyos ay lumaganap sa buong kabahayan. |
| e | - 5. Upang maging matibay ang mga pundasyon sa bahay. |

Iwasto mo ang iyong mga sagot. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

May mga mali ka ba? Okay lang iyon! May mga pagsasanay pa naman akong inihanda upang lubos mong maunawaan ang mga aralin.

Ang pagsasanay na iyong sinagot ay may malaking kaugnayan sa akdang iyong babasahin.

Ibig mo bang malaman ang kaugnayan? Kung gayon, simulan mo na ang pagbasa.

**2. Basahin Mo. . .**

## Batas ng Buhay

Nauwi sa paghuhugos ng panulukang bato para sa itatayong paaralan ang atensyon ng lahat. Sa paghuhugos ay naroon ang Kapitan Heneral na siyang panauhing pandangal. Ang karangalan na ilagay ang bumbong na tingga ay ibinigay sa eskribano. Pagkatapos noon, lalagyan na ng semento ang kinalalagyan ng bumbong na tingga na siyang simbulo ng paghuhugos. Pagkatapos na makapaglagay ng semento ang mga kilalang tao kabilang na ang Alkalde ay si Crisostomo naman ang siyang nasa ibaba. Sa isang iglap ay

biglang nagkagulo. Bumagsak ang malaking bato ng wala sa panahon. Natagpuang patay ang lalaking madilaw na siyang may tangan ng lubid na magpapakawala sa bato. Laking gulat ng bawa't isa hinggil sa nasabing pangyayari.

Magtatapos na si Crisostomo ng paghahanda sa sarili nang dumating si Elias. Batid niyang ito ang siyang nagligtas sa kanya. Sa kanilang pag-uusap ay pinaalalahanan ni Elias ang binata tungkol sa kanilang lihim na mga kaaway na siyang labis na ipinagtataka ng binata. Pinapag-iingat niya ito. Ayon sa kanya, nararapat siyang mabuhay alang-alang sa kapakanan ng bayan.

Ipinagpatuloy ang nauntol na kasayahan. Isang pananghalian ang nakatakdang pagsaluhan. Naroon ang lahat kabilang na rin sina Crisostomo at Padre Damaso. Sa kalagitnaan ng usapan ay muli na namang nilapastangan ng pari ang pangalan ng ama ni Crisostomo. Dala ng maraming ulit na pagkakataong nangyari ang ganoon ay nawalan ng panimbang si Crisostomo. Kinuha niya ang isang kutsilyo at iniumang iyon kay Padre Damaso. Salamat na lamang at nakapamagitan si Maria Clara. Ilang saglit ay tumalilis si Crisostomo at naiwan sa gitna ng kahihiyan si Padre Damaso.

Agad na kumalat ang balita tungkol sa nangyari sa pananghalian. Iba't ibang palagay ang kumalat. May lumibak kay Crisostomo at may nagsabi namang tama lamang ang kanyang ginawa. Isa sa mga palagay na lumutang ay ang pag-uugaling bata ng matanda at ang pag-uugaling matanda ng isang bata. Lumutang din ang palagay na tunay na walang magagawa ang bayan sapagkat ang mga frayle naman ang siyang namamahala sa bayan.

Labis na ikinalungkot ni Maria Clara ang nangyari. Higit na lumala ang kanyang kalungkutan sa ipinag-utos ni Padre Damaso sa kanyang ama na sirain nito ang kasunduan tungkol sa pag-iisang dibdib nina Maria Clara at Crisostomo. Upang mawala ang kalungkutan ay nasabi ni Kapitan Tiyago na ihahanap naman daw ni Padre Damaso ng bagong katipan at mapapangasawa ang dalaga . Dumating ang Kapitan Heneral at ginusto nilang makaharap ang dalaga. Nagdahilan itong may sakit ngunit wala ring nagawa sapagkat naipangako na ni Kapitan Tiyago sa Kapitan Heneral na makikipagkita sa kanya ang dalaga.

Ninais ng Kapitan Heneral na makaharap ang binatang si Crisostomo. Labis ang naging kainisan ng mga pari dahil sila ay pinaghintay ng Heneral at ang unang kinausap ay si Crisostomo. Sa kanilang pag-uusap, nakilala nang lubusan ng Kapitan Heneral ang binata. Labis ang kanayang panghihinayang sa isang binatang katulad ni Crisostomo. Ayon sa kanya, "Kayo ang unang lalaking nakausap ko sa lupaing ito."

Ang Kapitan Heneral ay naanyayahang manood ng prusisyon. Maraming santo ang isinama. Tumigil ang prusisyon sa tapat ng balkong kinaroroonan ni Maria Clara. Pagtapat ng Mahal na Birhen ay nagparinig ito ng isang awit. Ang tinig na kumalat sa katahimikan ay nakapanlulumo at nakapagpapaluha. Tila baga ito ay isang hinaing sa halip na maging isang panalangin.

Nakapinid ang bahay ng Alperes. Naroroon ang kanyang asawa na hindi pinahihintulutang makasama sa kanya upang makiharap sa mga may sinasabi sa bayan ng San Diego. Sa katahimikan ay napaglaruan ni Donya Consolacion ang baliw na si Sisa. Pinakanta niya ito at pinasayaw. Sa ganitong kalagayan ay dumating ang Alperes. Pinauwi nito ang baliw at hinarap ang asawa.

Matapos mong mabasa ang akda, gawin mo ang mga sumusunod na gawain upang matiyak mo kung naunawaan mo ito. Sakaling mababa ang mga makukuha mong marka, huwag kang mabahala. Marami pa namang pagsasanay ang inihanda ko para sa iyo.

**3. Linangin Mo. . .**

a. Pagsusuring Panlinggwistika

> Isa sa mga dahilan ng pinagiging masining ng isang akda ay ang pagkakaroon nito ng mga pahiwatig/konotasyon. Ibig sabihin ang mga kahulugan ay <u>tago</u> o di- tuwirang sinasabi ng may akda upang matutong mag-isip nang mataman ang bumabasa.

a.1. Panuto: Piliin sa Hanay B ang mga pahiwatig o konotasyong nakapaloob sa bawat pahayag sa Hanay A.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| 1. "Ipakita ninyo sa amin ang paaralan ng isang bayan at sasabihin naming kung anong uri ng bayan iyan!" | a. Walang sinumang nilikha sa daigdig ang maaaring pumantay o makalampas sa kapangyarihan Niya. |
| 2. "Ang di pagkakasundo ay siyang batas ng buhay. | b. Ang anumang bagay na narinig ay nababawasan o nadaragdagan kapag sinabi na sa iba. |
| 3. "Ang Diyos ang tanging hukom ng mga tao, siya ang tanging makapagpapasya sa buhay, huwag tangkain kailanman ng tao na siya'y halinhan sa gawain." | c. Matutong tumayo sa sariling paa ang mga anak kapag hinayaan ng mga magulang ang mga ito na magpasya para sa kanilang sarili. |
| 4. "bihirang balita ang matapat, magkatotoo man, marami ang dagdag. | d. Kung magaling ang paturuan ngayon, bukas ay magkakaroon ng mabubuting mamamayan. |
| 5. "Ang mga anak ay dapat magnasang maging higit kaysa kanilang mga magulang at sa piling ng mga magulang ang itinuturo nila ay maging musmos ang mga ito." | e. Mula sa kalikasan hanggang sa buhay ng mga nilalang ay naroroon ang pagbabaka o paglalaban |

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

b. Pagsusuring Pangnilalaman

> Upang magawang maiugnay ng mga mambabasa ang kanilang mga karanasan sa akda, kailangang mailapat nila ang kanilang pansariling interpretasyon dito batay sa kaisipang inilahad, opinyong nangingibabaw at argumentong inilahad.

Panuto: Lagyan ng tsek ( ✔ ) ang bilang kung tama ang interpretasyong ibinigay sa;

b.1. <u>Pangyayari</u>

1. Kab. XLVII - Ang Dalawang Senyora

‣ Napapayuko ang mga dalagang nakakasalubong ni Donya Victorina sa halip na tumingin sa kanya nang may paghanga.

______ Lihim na nagtatawanan ang mga iyon dahil sa kakatwang ayos nito.

2. Kab. XLVI - Ang Sabungan

‣ Hindi naghiganti ang magkapatid na Tarsilo at Bruno sa pagkamatay ng ama na pinalo ng mga sibil hanggang mamatay.

______ Inaalala nila ang kapatid na dalagang maiiwanan nilang mag-isa sakaling may masamang mangyari sa kanila.

3. ‣ Hindi naniniwala si Kap. Pablo na matutulungan siya ni Ibarra sa gagawing paghihiganti sa humalay sa anak niyang dalaga at pumatay sa dalawa niyang anak na binata.

______ Duwag kasi si Ibarra.

4. Kab. XLIV - Pagsusuri sa Budhi

‣ Hindi kilala ni Maria Clara ang kanyang ina.

______ Namatay ito matapos siyang isilang.

5. Kab. XLIII - Mga Balak

‣ Umiyak nang matindi si Padre Damaso dahil sa pagkakasakit ni Maria Clara.

______ Mahilig umiyak si Padre Damaso.

b. 2. Kaisipan

6. "Walang mangyayari sa balat ng lupa na di kaloob ng Diyos."

______ Kaya ano man ang mangyari ay hindi dapat ipagtaka at kilanling kababalaghan sapagkat iyon ay naganap sa kagustuhan ng Lumikha.

7. "Ang paaralan ay aklat na kinatititikan ng sasapitin o kinabukasan ng bayan."

______ Ang paaralan ay hubugan ng kabataan na bukas makalawa ay siyang magiging mamamayan ng bayan.

8. "Ikinalulugod kong ipagtanggol ng mga anak ang kanilang mga magulang kahit patay na!"

______ Lalong sagrado ang alaala ng mga magulang. Kahit sino ay walang karapatang lumapastangan sa alaala ng magulang!"

9. "Sa bayang walang napaloloko ay walang manloloko."

______ Kung matututo lamang ang lahat na ipaglaban ang kanilang karapatan ay wala sa kanilang mang-aabuso.

10. "Sa dalawang bagay na kapwa masama, kailangang piliin ang hindi lubhang masama.

______ Huwag mo na lamang piliin ang kahit ano upang makaligtas ka sa responsibilidad.

b. 3. Opinyon

Panuto: Isulat ang **M** kung ang opinyong ipinahayag sa bawat bilang ay makatwiran at isulat ang **DM** kung di-makatwiran.

1. May kinalaman kaya si Padre Salvi sa muntik nang kamatayan ni Ibarra sa pagbagsak ng bato na ilalagay na panulukang bato ng itatayong paaralan?

______ (opinyon) Malamang na may kinalaman si Padre Salvi sapagkat siya ay nagpilit kay Ibarra na maglagay ng panulukang bato nang pasinayaan ang itatayong paaralan.

2. May katwiran kaya si Elias nang sabihin niyang, "Diyos ang pumatay sa taong madilaw?"

______ (opinyon) Maaaring kagustuhan na rin ng Diyos ang kamatayan ng taong madilaw dahil hindi niya pinahihitulutang mamatay ang isang mabuting tao

na tulad ni Ibarra.

3. Tama kaya si Elias sa pagsasabing nang, “Walang  mangyayari na di kalooban o talaga ng Diyos.”

_____ (Opinyon) Tama si Elias sapagkat lahat ng mangyayari sa balat ng lupa ay dahil sa kagustuhan ng Diyos. Kung ano ang dahilan, Siya lamang ang nakababatid.

4. May katwiran kayang magdamdam ang mga prayle nang hindi tumuloy sa kumbento ang Kap. Heneral nang pumunta ito sa Pilipinas sa halip ay sa bahay ni Kapitan Tiyago ito tumuloy?

_____ (opinyon) Tama, dahil hindi naman Kastila si Kapitan Tiyago.

5. Tama kaya ang Kapitan Heneral nang sabihin niyang, “Dapat munang lingapin ang sarili bago ang iba.”

_____ (opinyon) Tama, hindi natin dapat pakialaman ang kapakanan ng ibang tao.

c. Pagsusuring Pampanitikan

Mahalagang sangkap ng nobela ang tunggalian. Pinaiigting nito ang paglalahad ng isang manunulat ng mga tinipon nitong karanasan sa buhay ng bubuuin niyang katauhan sa akda.

Nahahati sa tatlo ang tunggalian sa nobela, ang mga ito ay ang mga sumusunod;

1. <u>Tao sa tao</u> – Dulot ng kanyang kapwa ang mga kasiphayuan niya
2. <u>Tao sa kanyang sarili</u> – Ito ay ang paglalabang pangkatauhan ng pangunahing tauhan. Sarili niya ang kanyang kalaban.
3. <u>Tao sa Lipunan</u> – Magiting na nakikibaka ang pangunahing tauhan sa mga kasawiang dulot ng kapaligirang kanyang kinaaaniban

c. 1. Panuto: Isulat ang **T** kung ang tunggalian sa pahayag ay tao sa tao, **S** kung tao sa sarili at **L** kung tao sa lipunan.

**Tunggalian Sa Nobela**

1). ______

"Lahat po tayo ay may kalaban mula sa pinakamaliit na kulisap hanggang sa tao, maging ang lalong salat o maging mayaman at makapangyarihan

2). ______

"Napilitan akong maniwalang lubos sa Diyos sapagkat nawalan na ako ng paniniwala sa mga tao

3). ______

"Sa kapal ng mga taong iyon na iyong inalipusta ay wala ni isa mang kagaya mo. Hatulan ka!

4. ______

Hindi maipaglaban ni Don Felipo ang kanyang kapangyarihan bilang tinyente-mayor. Hindi niya alam kung kailan niya dapat ipatupad ang batas.

5. ______

Ang lipunan ay lubos na sumusunod sa ipinag-uutos ng mga prayle kaya't lahat ay umaalipusta kay Ibarra nang halos patayin niya si Padre Damaso

6. ______

Amen nang amen si Kapitan Tiyago sa bawat naisin ng simbahan at pamahalaan.

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Gumagamit ng tayutay ang isang manunulat upang higit na maging masining ang kanyang paglalahad ng mga pangyayari sa loob ng kanyang akda.

Ginagamit ang tayutay upang mapasidhi rin ang damdamin at guniguni ng akda.

Narito ang ilang halimbawa ng mga tayutay.

a. Simili – Isang payak na paghahambing ng dalawang magkaibang bagay. Ito'y gumagamit ng mga salitang para,gaya, tulad atbp. sa paghahambing.

Hal. 1. Kaibigang tapat, magulang o maestro ang <u>nakakatulad</u> ng aklat kong ito. Kung may kalungkutan, inaaliw ako. Ang isip kong taglay, pinatatalino.

2. Si Rizal ay <u>parang</u> manghuhula na nakikita ang nangyayari sa hinaharap.

b. Metapora – Ito'y tuwirang paghahambing ng dalawang bagay na magkaiba ang uri. <u>Hindi</u> ito gumagamit ng mga salitang naghahambing tulad ng, para, gaya, tulad.

Hal. 1. <u>Ikaw</u> ay <u>tala</u> na nagbibigay-liwanag sa nadirimlan kong buhay.

2. Ang <u>salita</u> mo'y <u>tabak</u> na humiwa sa aking puso.

c. Metonomiya – Ito'y paggamit ng pangalan ng isang bagay na ipinahihiwatig niyon, hindi upang paghambingin ang mga iyon, kundi upang ipakatawan ang isa sa isa batay sa pag-uugnayan bilang <u>sagisag</u> at <u>sinasagisag</u>.

Hal. 1. Ang <u>gintong medalya</u> ay taglay sa dibdib ng anak na bangkay nang muling magbalik.

2. "<u>Limang bibig</u> ang umaasa sa kanya."

d. Personipikasyon – pagbibigay-buhay sa mga bagay na walang buhay.

Hal. 1. <u>Maganda ang buwan</u> parang tumatawa sa hihigang pilak, kung nagpapahinga.

2. Ang bayani'y ikinulong sa <u>bilangguang nagmalupit</u> sa kanya.

e. Pagmamalabis – Ito'y pahayag na ibayong matindi kaysa katotohanan o lagpas sa maaaring mangyari.

Hal. 1. Maging ang kaaway ay hindi sumuko, kahit na nga sila <u>lumutang sa dugo</u>.

f. Onomatopeya – paggaya ng tunog ng kalikasan
Hal. 1. Ibig kong marinig ang ugong ng alon, kung dumarating nang gumugulong.
2. Ang tikatik ng ulan ay nakapagpalamig ng panahon.

Panuto: Piliin sa Hanay B ang uri ng tayutay na tinutukoy sa pahayag sa Hanay .

**HANAY A**

1. Kab. XXIV – "Ang Pananghalian"
"Ang bibig mo'y binubukalan ng mga salitang ika mo'y salita ng Diyos, ngunit ang ang puso mo'y lusak."
2. Kab. XXXIII – "Malayang Pagkukuro"
"Sa kawalang utang na loob ng bayan na minamahal ni Don Rafael, ito pa rin ang nagpabaya sa kanya."
3. Kab. XXX – "Ako'y nananalig sa Diyos, di miminsang naramdaman ko ang kanyang kamay."
4. Kab. XXXIII – "Malayang Pagkukuro"
"Ang lagitlit ng lubid sa kalo at langitngitan ng mga kawayan at pag-igkas ng mga panali ay nakapagbigay sa kanya ng babala."
5. Kab. XXXIII – "Malayang Pagkukuro"
"Ang tao ay gaya ng damo na nakikipag-agawan ng sustansiya sa lupa at init ng liwanang ng araw."

**HANAY B**

a. onomatopeya
b. metapora
c. metonomiya
d. simili
e. personipikasyon
f. pagmamalabis

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro

d. Halagang Pamgkatauhan

Panuto: Isulat sa patlang ang **S** kung sinasang-ayunan ninyo ang pahayag at **HS** kung hindi sinasang-ayunan ito.

______ 1. Ang utang na loob ay walang kabayaran.
______ 2. Sa isang taong makabayan ay uunahin ang kapakanan ng iba bago ang sarili.
______ 3. Dapat lamang ipagtanggol ng anak ang malinis na karangalan ng magulang laban sa mga umaaglahi dito.
______ 4. Ang kasamaan, kailanma'y di magtatagumpay laban sa kabutihan.

______ 5. Lahat ng ipinag-uutos ng mga pari ay dapat sundin dahil sila'y alagad ng Diyos.

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**4. Palalimin Mo. . .**

4.a. **<u>Tunggaliang Tao sa Sarili</u>**

Panuto: Lagyan ng tsek ( ✔ ) ang bilang kung ang pahayag ay nagpapakita ng <u>tunggaliang tao sa sarili.</u>

______ 1. Pagsasawa niya sa kasalukuyang takbo ng kanyang buhay.
______ 2. Pinagsisihan niya ang ginawa niyang desisyon sa isang bagay na may kinalaman sa buhay niya sa hinaharap.
______ 3. Hindi niya malaman kung alin sa dalawang sitwasyon ang kanyang pagpipiliian.
______ 4. Ibig niyang labanan ang ginagawang pagyurak sa kanyang karangalan subalit naduduwag siya.
______ 5. Nakararanas siya ng pananakit ng kapwa.

4.b. **<u>Tunggaliang Tao sa Tao</u>**

Panuto: Bilugan ang bilang ng pahayag na nagpapakita ng tunggaliang <u>Tao sa Tao</u>.

______ 1. Naranasan niya ang pag-aglahi ng kapwa dahil sa kanyang kamangmangan.
______ 2. Madalas niyang matikman ang pananakit ng ibang tao dahil sinasamantala ng mga ito ang kanyang kaninaan.
______ 3. Kinuha sa kanya ng sapilitan ang mga ari-ariang naipundar niya.
______ 4. Nabilanggo siya dahil sa gawa-gawang kaso na ibinintang sa kanya ng kanyang kalaban.
______ 5. Laganap ang bisyo sa kanyang paligid.

4. c. **<u>Tunggaliang Tao sa Lipunan</u>**

Panuto: Ikahon ang bilang ng pahayag na nagpapakita ng tunggaliang tao at lipunan.

______ 1. Dahil sa malabis na kahirapan natuto siyang mamalimos.
______ 2. Nasira ang kanyang pag-aaral dahil sa pagkagumon sa bisyo.
______ 3. Isa siya sa mga batang kalye kaya't sa murang edad pa lamang ay nagkaanak na siya.
______ 4. Nabilanggo siya dahil sa kawalan ng hustisya sa bansa.
______ 5. Hindi niya alam kung paano lulutasin ang matinding problemang dumating sa kanya.

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**5. Gamitin Mo. . .**

| |
|---|
| Ang mga tunggaliang kinakaharap ng tao ay maaring maiwasan kung magtataglay lamang siya ng mga kahandaan |

Panuto: Lagyan ng tsek ( ✔ ) ang mga katangiang magagamit ng tao sa pakikibaka niya sa tunggalian ng buhay.

______ 1. masusing pag-iisip
______ 2. mataas na pinag-aralan
______ 3. kababaang-loob
______ 4. matibay na pananalig sa Diyos
______ 5. kapangyarihan at kayamanan
______ 6. kagandahan at katanyagan
______ 7. kasipagan at pagtitiyaga
______ 8. pagiging palakaibigan
______ 9. kabutihan at pagkamagalang
______10. kalusugan at katinuan

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**6. Sulatin Mo. . .**

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na parirala upang mabuo ang kaisipang kaugnay ng diwa ng binasang akda.

1. a. ang pagbabaka o paglalaban
   b. mula sa kalikasan
   c. ay naroon
   d. ng mga nilalang
   e. hanggang sa buhay

2. a. ng tao
   b. kalaban din
   c. ang kanyang kapwa
   d. sa kabuhayan
   f. kaginhawahan at kaligayahan

**7. Lagumin Mo. . .**

| |
|---|
| Ang akda upang maging epektibo sa mga babasa ay dapat na magbigay ng mahahalagang impormasyon at nag-iiwan ng damdaming aantig sa kanila. |

Panuto: Lagyan ng tsek ( ✔ ) ang bilang na tumutugon sa pahayag..

Matapos kong mabasa ang akda . . .

nalaman ko na . . .

nakadama ako ng . . .

| 7. a. | 7. b |
|---|---|
| 1. Ang mga Pilipino ay marunong tumanaw ng utang na loob na tulad ni Elias kay Ibarra.<br>2. Ang paaralan ay siyang aklat na kinatatalaan ng sasapiting kinabukasan ng bayan<br>3. Ang Diyos ang tanging hukom sa balat ng lupa.<br>4. Ang gawang masama kailanma'y di magtatamong pala.<br>5. Ang di pagkakasundo ay siyang batas ng buhay. | 1. pagkapoot sa taong madilaw dahil sa pagtatangka nito sa buhay ni Ibarra.<br>2. paghanga kay Elias dahil sa kagitingan nito sa pagkakaligtas kay Ibarra.<br>3. pagkaawa kay Ibarra dahil inaglahi ang alaala ng kanyang ama.<br>4. pagkagalit kay Padre Damaso dahil hindi niya iginalang ang karangalan ng isang patay.<br>5. pagkainis kay Elias dahil hindi niya ipinagpatuloy ang paghihiganti sa angkan ni Ibarra. |

**8. Subukin Mo. . .**

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng tinutukoy sa bawat bilang.

1. Siya ang tinatawag na piloto.
2. Ayon kay Elias, siya ang pumatay sa taong madilaw.
3. Ang tanging umawat kay Ibarra sa tangkang pagpatay nito kay Padre Damaso.
4. Ayon sa kanya bihirang balita ang magtapat, magkatotoo man, marami nang dagdag.
5. Ito ang naging parusa ng mga prayle kay Ibarra dahil sa ginawa niyang tangkang pagpatay kay Padre Damaso..

| | |
|---|---|
| a. eskumulgado | e. Ibarra |
| b. inihabla | f. Maria Clara |
| c. Diyos | g. Balagtas |
| d. Elias | h. Tiya Isabel. |

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang iskor mo sa Pagsasanay na ito ay <u>3</u> pataas huwag mo nang gawin pa ang susunod na pagsasanay, subalit kung <u>2</u> pababa, gawin mo ito.

**9. Paunlarin Mo. . .**

Panuto: Isulat sa patlang ang **<u>T</u>** kung ang kaisipan ng pahayag ay <u>totoo</u>, batay sa akda at **M** kung <u>mali</u>.

1. Hindi naniniwala si Elias na ang lahat ng tao ay magkalaban mula sa pinakamaliit na kulisap tungo sa pinakamakapangyarihang tao.
2. Si Donya Consolacion ay katangi-tanging Pilipina.
3. Humanga ang Kapitan Heneral kay Ibarra nang marinig nito ang kanyang pangangatwiran.
4. Kaisa ng damdamin ng Kapitan Heneral si Padre Damaso.
5. Sinang-ayunan ni Kapitana Maria ang ginawang pananakit ni Ibarra kay Padre Damaso.

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang |Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

-

# Aralin 2 – Ang Kapangyarihan ay Lakas (Kabanata LVI - LXIII)

A. Anu-ano Ang Mga Tiyak Na Matututunan Mo ?

Pagkatapos mong pag-aralan ang araling ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan;

1. Naibibigay ang sariling puna hinggil sa pagkakabuo ng mga pangungusap batay sa;
   - ikli o haba
   - pag-uulit
2. Nasusuri ang akda batay sa nais sabihin nito sa;
   - sarili
   - sa ibang tao
   - sa kalahatan
3. Nakabubuo ng kritikal na pagpapasya batay sa;
   - epektibong paggamit ng matatalinhagang kaisipan

- epektibong paggamit ng simbolo

4. Napatutunayan na ang pagkamarangal ng isang tao ay nababatay sa kanyang kilos at gawi.
5. Naisusulat ang kaisipan at pahayag na kaugnay ng akdang binasa.


## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

**1. Alamin Mo. . .**

| |
|---|
| Ang pagkakaroon ng prinsipyo ng isang tao ay katangiang hindi kayang pantayan ng ano mang yaman sa mundo. |

1.a. Panuto: Piliin sa loob ng kahon sa dakong ibaba ang mga katangian ng isang taong may prinsipyo at buhay.

1.__________ 5. ___________




2. _________ 4. __________

3. __________

| |
|---|
| a. may isang salita<br>b. tinutupad ang pangako<br>c. di kayang diktahan ninuman<br>d. may mataas na "pride"<br>e. may lalim ang mga sinasabi<br>f. walang pakialam kung makasakit sa iba ang binibitiwang salita<br>g. kahit makasama ang prinsipyong pinaniniwalaan, paninidigan pa rin ito |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

1. b. Panuto: Lagyang ng tsek (✔) ang kaisipang totoo batay sa pahayag at ekis (✕) kung mali batay sa nabanggit.

> "Kung ayaw mo sa pangkat na iyong kinabibilangan, umalis ka dito, bago ka magsalita ng mga bagay na laban sa pangkat na ito."

______ 1. Maging matapat ka sa pangkat na iyong kinabibilangan.
______ 2. Ipagtanggol mo ang pangkat na ito laban sa mga naninira dito.
______ 3. Dahil sa ikaw ay bahagi ng pangkat na ito, ang lahat ng kapurihan at kasamaan nito ay repleksyon sa iyo.
______ 4. Ikaw ay dapat magbigay ng karangalan sa pangkat na ito.
______ 5. Patunayan mo sa lahat ang kabulukan ng pangkat na ito.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Ang mga pagsasanay na iyong sinagot ay may kaugnayan sa babasahin mong mga akda sa araling ito.

Kung handa ka na ay simulan mo na ang pagbasa.

**2. Basahin Mo. . .**

## Ang Kapangyarihan ay Lakas
## (Kabanata Xl – XLVII )

Nasa palabas ang lahat. Naroroon ang Alkalde at ang mga frayle sa pamumuno ni Padre Salvi. Nanlumo si Don Filipo dahil tinanggihan nga raw ng alkalde ang kanyang pagbibitiw. Isa pang dahilan ng kanyang panlulumo ang iginawi ng mga pari sa pamumuno ni Padre Salvi. Nais nitong paalisin ni Don Filipo si Crisostomo. Tumanggi ang matanda dahil malaki raw ang inabuloy nito upang maisakatuparan ang palabas at hindi niya maaaring paalisin ito. Ngunit ipinagpilitan pa rin ng pari. Ayon sa kanya ay nararapat na iwasan ang kaguluhan. Ayon naman kay Don Filipo hangga't walang kaguluhan na si Crisostomo ang sanhi ay hindi niya ito mapaalis sa pagtitipong

iyon. Pinamili ni Padre Salvi si Don Filipo sa kanila ni Crisostomo. Iisa ang naging kasagutan ni Don Filipo. Kung siya ninyong nais mangyari. Ngunit iisa ang naging bulung-bulungan. Iniiwasan ng mga pari na makasama si Crisostomo dahil ito raw ay ekskomulgado.

Dalawa ang bumisita kay Crisostomo ng araw na iyon. Si Elias na nagpaalam sa kanya dahil sa siya ay magtutungo sa Batangan at nagbalita sa kanya na may sakit si Maria Clara. Dumating din sa kanyang bahay si Lucas, kapatid ng dalawang lalaking namatay sa kaguluhan ng nakaraan. Humihingi ito ng kabayaran hinggil sa sinapit ng kanyang mga kapatid. Nagkaroon ng malaking diskusyon hinggil sa naging nakaraan ng mga nuno ni Crisostomo.

Dumating sa bahay ni Kapitan Tiyago ang mag-asawang Donya Victorina at Don Tiburcio upang gamutin ng huli ang maysakit na si Maria Clara. Humingi ng paumanhin ang Donya sa maybahay dahil sa hindi sila nakarating nang maaga sanhi ng maraming pasyente ang doktor. Napakapalad daw ni Kapitan Tiyago, dahil napagbigyan siya ng kanyang asawa. Kasama rin ng mag-asawa ang binatang si Linares na sinasabing malayong kamag-anak ni Padre Damaso. Ipinakilala ng Donya kay Maria Clara ang kanyang pinsang kasama. Sa gitna ng pag-uusap ay dumating si Padre Damaso na ibang-iba ang kalagayan.

Walang pinansing sino man ang pari. Nilapitan nito ang dalagang maysakit. Sinapantaha na lamang ng lahat na labis na nalungkot ang pari dahil mahal na mahal nito ang maysakit. Ipinakilala ni donya Victorina si Linares sa pari. Ibinigay din nito ang isang sulat. Matapos mabasa ng pari ay tinanong sa binata kung ano ang maitutulong dito. Nais ng sumulat na maihanap ng mapapangasawa ang binata. Tinawag ni Padre Damaso ang binata upang kausapin kapwa si Kapitan Tiyago. Laking kaba ng lahat nang nagpunta si Lucas, ang kapatid ng namatay noong pista kay Padre Salvi. Sinabi nitong nagtungo siya kay Crisostomo Ibarra upang humingi ng kabayaran subalit sinigawan lamang siya nito. Ayaw daw magbayad ng binata. Humingi ng payo ang lalaki sa kura subalit ipinagtabuyan din ito.

Nag-uusap ang mga tauhan sa bahay ni Kapitan Tiyago. Nabanggit ni Padre Salvi ang nalalapit na paglilipat kay Padre Damaso sa isang parokya sa Tayabas. Nasabi ng lahat na labis iyong ipagdaramdam ni Maria Clara kapag iyon ay kanyang nalaman. Labis naman ang naging pagmamalaki ni Donya Victorina nang mabago ang kalagayan ni Maria Clara. Pasalamat daw si Kapitan Tiyago at nagamot ito ng kanyang asawa kundi baka ito ay mamatay. Nagkaroon din ng pagtatalo sina Donya Victorina at Padre Salvi kung alin ang tunay na magpapagaling kay Maria Clara. Ipinilit ng pari na ang makagagaling dito ay ang pangungumpisal. Tumutol ang babae at sinabing ang panggagamot ng kanyang asawa ang magpapagaling kay Maria Clara. Inihanda ng Tiya Isabel ang dalaga sa gagawing pangungumpisal. Lumipas ang mga oras. Matagal ang naging pangungumpisal na labis na kinainipan ng lahat.

Nagtungo si Elias sa gubat. Doon ay nakausap niya ang pinuno ng mga tulisan. Sinabi niya ang kanyang kabiguan sa matanda. Hindi niya makita ang kanyang kinahanap. Sa kabilang dako, nabanggit din ng matanda ang mga bagay na nangyari sa kanilang pamilya. Ang kanyang mga naging kabiguan kung bakit siya nagpasyang magtungo sa gubat. Nabanggit ni Elias sa matanda na handa niyang kalimutang lahat ang kanyang mga kasawian. Hindi iyon magagawa ng matanda. Tumagos na sa kanyang buong pagkatao ang bunga ng kanyang mga kasawian dala ng ibang tao. Bago umalis si Elias, nabanggit nito sa matanda ang tungkol kay Crisostomo at ang gagawin nitong pakikipag-usap sa Kapitan Heneral tungkol sa kanilang mga binata. Bago tuluyang umalis ay niyakap ng matanda ang binata. Mahigpit na mahigpit.

Nasa sabungan si Lucas. Naroon din sina Tarsilo at Bruno. Nalulong ang mga ito sa sabong. Kailangan nila ng puhunan upang makabawi. Lumapit sila kay Lucas. Noong una ay ayaw pumayag sa nais ng lalaki subalit sa bandang huli ay napapayag na rin ng magkapatid. Binigyan ni Lucas ng pera ang magkapatid at sabay sabing ang perang iyon ay galing kay Crisostomo Ibarra.

Naglalakad ang mag-asawang de Espadana. Natapat ito sa bahay ng Alperes. Sa mga sandaling iyon, nakadungaw naman si Donya Consolacion. Nang makita nito ang mga naglalakad, ito ay nagparinig hanggang sa magkasagutan sila ni Donya Victorina. Naghamunan. Bumaba ang asawa ng Alperes. Nilait-lait nito ang mga nag-aaway. Nagalit si Donya Victorina at sinabihan ang asawang hamunin ng dwelo ang Alperes. Laking takot ng doktor. Sa inis ng babae ay hinablot nito ang pustiso ng lalaki at pinagtatapakan sa lupa. Dali-dali itong bumalik sa bahay ni Kapitan Tiyago sa gitna ng pagtawa ni Donya Consolacion. Pagdating ni Donya Victorina sa bahay ni Kapitan Tiyago, pinagsabihan nito si Linares na hamunin ang Alperes. Kung hindi ito isasagawa ay nagbantang ibubulgar sa lahat ang tunay nitong pagkatao.

Matapos mong basahin ang akda, gawin mo ang sumusunod na mga pagsasanay upang matiyak kung naunawaan mo ang iyong binasa.

**3. Linangin Mo. . .**

a. Pagsusuring Panlinggwistika

1. Panuto: Piliin ang letra ng nais ipahiwatig ng mga pangungusap na maikli at mahaba ang pagkakasulat.
   Isulat ang iyong sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.
   1. Malalim na ang gabi, pinanonood ng mga tao ang mga huling pailaw na ang pinakahuli'y parang isang bulkang nakasiya sa mga tao.
      a. Inilarawan nito nang mahusay ang mga nagaganap.

b. Maligoy lamang sumulat ang awtor, si Rizal.
c. Nais ulit-ulitin ng awtor ang paglalarawan
d. Lahat ng nabanggit

2. Isang utusan ang humahangos na nagbalita kay Padre Salvi ng nangyayari kaya't nagkakandahulog sa hagdanang pumanaog na ni walang sumbrero o baston, parang sira ang ulong tumakbo na ang nasa guniguni ay ang walang malay-taong si Maria Clara na nasa bisig ni Ibarra.
   a. Nais ipakita ang pagmamadali ni Padre Salvi
   b. Binibigyang-diin ang panibughong namamayani kay Padre Salvi.
   c. Ipinaalam ng awtor na madalas mawalan ng malay tao si Maria Clara.
   d. Lahat ng nabanggit
3. Nakatuon ang pansin ng lahat sa tanghalan maliban kay Pari Salvi na ang mga mata'y nakapako kay Maria Clara na ang lungkot na nakalambong sa mukha ay lalo pang nagpaganda rito.
   Binibigyang - diin sa pangungusap;
   a. ang kaakit-akit na mukha ni Maria Clara.
   b. ang labis na paghanga ni Padre Salvi kay Maria Clara
   c. hindi pinapansin ni Padre Salvi ang palabas
   d. Lahat ng nabanggit
4. Sumayaw ka. . . sumayaw ka. . . . ! ang pag-uulit ng pagsasalita ay nangangahulugang;
   a. Binibigyang-diin sa pangungusap ang galit ng nagsasalita.
   b. Pinipilit ng nagsasalita na sumayaw ang kausap
   c. Hindi makarinig ang kinakausap
   d. Lahat ng nabanggit
5. "Iba ka nga!" Ang maikling pangungusap ay nagbibigay diin sa;
   a. kahinaang magsalita ng kinakausap
   b. paghinga ng nagsasalita
   c. wala sa nabanggit
   e. naiibang katangian ng kausap

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

b. Pagsusuring Pangnilalaman

> Ang bawat akdang pampanitikan ay may nais sabihin sa mga mambabasa, sa sarili, sa isang indibidwal at sa kalahatan.
>
> Ang mga nais sabihing ito ay mga mensaheng kapupulutan ng mga gintong butil na magagamit ng bawat isa sa kanilang pakikibaka sa buhay.

Panuto: Isulat ang **S** sa patlang kung ang mga pahayag na kinuha sa iba't ibang kabanata ay nais sabihin sa sarili at **IT** kung sa ibang tao o sa kalahatan. Pagkatapos ay piliin ang letra ng nais ipahiwatig ng pahayag.

______ 1. Kab. XL - "Ang Katwiran at ang Lakas"

Hindi daw makatulog ang alperes at ang alperesa kaya't ginulo ng mga gwardiya sibil ang palabas sa pamamagitan ng pagpalo sa mga musikero. Nagalit ang mga tao at nais nilang patayin ang dalawang gwardiya sibil. Inawat sila ni Don Felipo at sinabing huwag ilagay ang batas sa kanilang mga kamay.

2. Ano ang mensahe ng kabanata blg. 1?
   a. Dapat parusahan ang mga lumalabag sa batas
   b. Batas ang dapat magparusa sa mga lumalabag dito.
   c. Ang batas ay para sa lahat
   d. Lahat ng nabanggit

______ 3. Kab. XL - "Ang Katwiran at Ang Lakas"

Kung ang mga Pilipino lamang ay magtitigas-loob sa pagtatanggol sa inaakala nilang wasto at kanilang karapatan ang mga prayle at sibil noon ay di sana nakapagmalabis dahil may mga batas din naman at tuntuning noo'y pinaiiral ang pamahalaan.

4. Ano ang ipinahihiwatig ng pahayag sa blg. 3?
   a. Mapag-abuso ang mga prayle
   b. na ang mga Pilipino ay may mahinang kalooban
   c. Kung walang paloloko, walang manloloko
   d. Lahat ng nabanggit

______ 5. Kab. XL - "Ang Katwiran at ang Lakas"

"Ang katwiran ay lakas"

6. Ang pahayag sa blg. 5 ay nagpapahiwatig ng;
   a. Ang katwiran kapag tama ay makapagbibigay sa tao ng kapanatagan.
   b. Kapag may katwiran, ipaglaban mo.
   c. Dapat panindigan ang katwiran lalo pa't ito'y tama.
   d. Lahat ng nabanggit

______ 7. Kab. XL – Ang Katwiran at Lakas"

"Kailanman ay pinanagutan ko ang ano mang bagay na galing sa sarili kong kapasyahan, Padre. Ngunit ang munti kong kapangyarihan ay hindi nagpapahintulot sa aking manghimagsik sa mga bagay-bagay ng tungkol sa panampalataya.

8. Pinatutunayan sa pahayag blg. 7 na;
   a. Kung ano lamang ang saklaw ng kapangyarihan ay iyon lamang ang dapat pakialaman.
   b. Kapag may kapangyarihan ang isang tao maaari na niyang ipatupad ang lahat ng naisin niya.

c. Ang simbahan at ang pamahalaan ay magkaibang ahensiya kaya't di dapat manghimasok ang isa't isa.
d. Lahat ng nabanggit

______ 9. Kabanata XLIII - "Mga Balak"
"Sa dalawang bagay na masama, kailangang piliin ang hindi lubhang masama."

10. Pinatutunayan ng pahayag blg. 9 na;
a. Lahat ng bagay ay may pagpipilian
b. Dalawa lamang ang bagay dito sa mundo, masama at mabuti.
c. Kapag wala ka nang pagpipilian, piliin mo na lamang ang may kaunting kasamaang maidudulot sa kapwa.
d. Lahat ng nabanggit

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

c. Pagsusuring Pampanitikan

| |
|---|
| Ang paggamit ng awtor ng matatalinhagang pahayag at mga simbolo sa pagbuo niya ng akda ay makatutulong sa mambabasa na gumamit ng kritikal na pag-iisip sa mga gagawin niyang pagpapasya. |

c. 1 Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng kaisipang nakapaloob sa bawat matalinhagang pahayag.

1. "Siya'y di kakainin ng isda na tulad ng kanyang ama."
2. Sa Kab. XLV – "Ang Mga Pinag-uusig"
   Si Kapitan Pablo ay duwag na ama kaya't itinuring siyang punong walang sanga."
3. Kab. XL – "Ang Katwiran at Ang Lakas."
   "Walang saysay ang tungkulin ni Don Felipo, may tungkulin siya'y walang kapangyarihan.
4. Kab. XL – "Ang Katwiran at Ang Lakas"
   "Sa bayang walang napaloloko, walang manloloko."
5. Kab. XLII - "Ang Mag-asawang De Espadena"
   "Si Donya Victorina ay isang tangang nagdudunung-dunungan at nagmamataas na pusali.."

| |
|---|
| a. Isang taong walang alam at isang mahirap na nagkukunwang mayaman.<br>b. Ginusto na lamang ng tao kapag siya'y inapi.<br>c. Taong walang karapatang mamuno at humawak ng kapangyarihan.<br>d. Nawalan ng mga anak dahil sa di maipagtanggol ang mga ito.<br>e. Sa ibang paraan mamamatay si Ibarra.<br>f. Di siya ililibing sa dagat. |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

c. 2. Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng pahayag na sinisimbolo ng mga taong inilalarawan sa bawat pahayag.

**Mga tauhang inilalarawan sa bawat pahayag**

1. ______

Kab. XLI - "Dalawang Dalaw"
Si Elias na mula nang iligtas ni Ibarra sa buwaya ay naglaan na ng buhay para rito.

2. ______

Kab. XLII – "Ang Mag-asawang de Espadena"
Dito'y inilalarawan si Kap. Tiyago bilang isang sakristan na halos humalik sa kamay ni Linares na isa lamang yagit o "alabok" sa Espanya

3. ______

Kab. XLII – "Ang Mag-asawang De Espadena"
Larawan si Donya Victorina ng isang nagdudunung-dunungang tanga at nagmamataas na pusali.

4. ______

Kab. XLVII – "Ang Sabungan"
Tinaguariang "Juan Lunas" at Medikong Lucas" ni Donya Victorina si De Espadena

5. ______

Kab. XLIII – "Mga Balak"
Sa Pag-iyak ni Padre Damaso sa pagkakasakit ni Maria Clara, inilarawan siya bilang isang dakilang ama.

a. Sumisimbolo sa isang magulang na nagmamahal nang labis sa anak.
b. Simbolo ng isang lalaking kayan-kayanan ng asawa at ng isang huwad na manggagamot.
c. Simbolo ng isang taong walang sariling paninindigan
d. Simbolo ng isang mapagkunwaring marunong at mayaman
e. Simbolo ng isang taong marunong tumanaw ng utang na loob

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

d. Halagang Pangkatauhan

> Ang tao'y lalong dumarakila dahil sa kanyang pinaninindigang prinsipyo sa buhay na sinasang-ayunan ng marami.

Panuto: Isulat ang **P** kung positibo ang pahayag at **N** kung ito'y negatibo.

_____ 1. Noong bata pa si Kap. Pablo naniniwala siya na ang lahat ay may pagkakataong mamuhay nang mapayapa huwag lamang mang-aapak ng karapatan ng kapwa.
_____2. Tanging pamumundok o pagiging tulisan na lamang ang lunas kapag napagkaitan ng hustisya ang isang tao.
_____3. Ang tunay na lalaki ay masusubok sa panahong siya'y kinantiyawan at makipagbasag-ulo.
_____4. Hindi kaduwagan ang umiwas sa gulo, manapa'y tunay na katapangan.
_____5. Ang lahat ng pagbabagong ninanais ng isang tao ay dapat na magsimula sa kanyang sarili.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**4. Palalimin Mo. . .**

Panuto: Isulat ang **K** kung ang pahayag sa bawat bilang ay katotohanan, **O** kung opinyon at **A** kung argumento.

1. Nagkakaroon ng di-pagkakaunawaan kapag sinasaklawan ng mga maykapangyarihan ang karapatan ng mga mamamayan.
2. Ang pagpapanggap ay kalimitang ginagawa upang mapagtakpan ang mga kakulangan at kahinaan.
3. Hindi makapagpapagaling sa isang taong maysakit ang pangungumpisal Sa halip, lalo lamang lulubha ang taong maysakit sapagkat iniisip niyang siya'y malapit nang mamatay

4. Hindi dapat isiwalat ang mga bagay na nalaman dahil sa pangungumpisal kahit pa makatutulong ang pagsisiwalat na gagawin upang lumabas ang katotohanan.
5. Kung ako ang tatanungin dapat ipagbawal ang ano mang uri ng sugal tulad ng sabong kahit ito'y makapagbibigay ng buwis.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**5. Gamitin Mo. . .**

Sa Kabanata XL - "Ang Katwiran at Ang Lakas"
Pinaniniwalaan sa kabanatang ito na ang
**katwiran ay lakas**.

Panuto: Lagyan mo ng tsek (✔) ang patlang sa bawat bilang kung ito ay wastong paraan ng pakikipaglaban mo ng iyong katwiran at ekis (✖) kung para sa iyo ito ay maling paraan.

______ 1. Ipakipaglaban mo sa mahinahong paraan ang iyong katwiran.
______ 2. Ipilit mo sa lahat ang iyong katwiran kahit ito'y hindi katanggap-tanggap sa lahat.
______ 3. Suportahan mo ng mga patunay ang iyong katwiran.
______ 4. Kung sa panahong ipinakikipaglaban mo ang iyong katwiran ay hindi pinahalagahan, huwag mawalan ng pag-asa, darating din ang panahong ito'y kikilalanin.
______ 5. Ang kalye ay tamang lugar upang ipaalam mo ang iyong katwiran sa isang isyung ipinatutupad ng pamahalaan

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Sa Kab. XLIII – "Mga Balak", naniniwala si Padre Damaso na sa dalawang bagay na kapwa masama, kailangang piliin ang hindi lubhang masama.

Panuto: Lagyan mo ng tsek (✔) ang pahayag sa bawat bilang na nagsasaad ng wastong pagpili ng mga bagay na kapwa masama subalit kailangang mamili dahil hinihingi ng pagkakataon at ekis (✖) kung mali.

______ 1. Piliin ang isang bagay na kahit masama ay pakikinabangan naman ng marami.

______ 2. Kung may magagawa pang ibang paraan, huwag pumili sa dalawang masama kahit ang isa'y di lubhang masama.
______ 3. Huwag na lamang mamili nang hindi masisi sa bandang huli.
______ 4. Huwag ka nang makialam sa pagpapasya nang hindi ka madawit sakaling ang pinili mo ay di makabuti.
______ 5. Pakaisipin mong mabuti ang lahat ng gagawin bago magpasya.

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**6. Sulatin Mo. . .**

Panuto: Isaayos mo ang pagkakasulat ng mga sumusunod na kaisipan kaugnay ng binasang akda.

1. ng katiwasayan sa buhay / sa puso ng isang tao / ay hindi magkakaroon ang namayani / kapag inggit at kapalaluan
2. ng karampatang lunas / ay dapat iparating sa pamahalaan / upang mabigyan/ ng mga sawimpalad / ang mga hinaing /
3. ng di marapat / ay nagtutulak sa isang tao / upang makagawa / ang pagkagahaman sa salapi

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**7. Lagumin Mo. . .**

Panuto: Piliin ang bilang ng pangungusap na bubuo sa pahayag sa bawat bilang.

Matapos kong mabasa ang akda

| Nalaman ko na. . . | Nakadama ako ng. . . |
|---|---|
| 1. Di dapat saklawan ng pamahalaan ang karapatan ng mga mamamayan.<br>2. Di dapat ibunyag ang lahat ng lihim na sinabi sa pangungumpisal.<br>3. Ang tanging paraan upang marinig ng | 1. Pagkagalit kay Donya Victorina dahil sa diwang dayuhan nito.<br>2. Pagkainis kay Kap. Tiyago dahil sunud-sunuran ito sa lahat<br>3. Paghanga kay Elias dahil sa |

| | |
|---|---|
| pamahalaan ang hinaing ng taumbayan ay sa pamamagitan ng panunulisan.<br>4. Ang pamahalaan at ang simbahan ay magkahiwalay na institusyon kaya't di dapat magpakialaman.<br>5. Kung walang paloloko ay walang manloloko | pagiging maginoo nito.<br>4. Pagkaawa kay Sisa dahil sa pananakit dito ni Donya Consolacion.<br>5. Paghanga kay Ibarra dahil sa angking talino nito. |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**8. Subukin Mo. . .**

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng pinakawastong sagot.

1. Naging parusa kay Ibarra dahil sa pananakit niya kay Padre Damaso.
2. Isang namundok at naging tulisan dahil sa paghihiganti sa sinapit ng mga anak sa kamay ng mga frayle.
3. Ayon sa Kapitan Heneral tanging "lalaking" nakausap niya sa Pilipinas.
4. Ito ay inawit ni Sisa
5. Siya ang naging asawa ng Alperes na dati niyang labandera.

| | | |
|---|---|---|
| a. Donya Consolacion | d. Kap. Pablo | g. sonata |
| b. Kundiman | e. ekskomulgado | |
| c. Ibarra | f. Elias | |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Paunawa: Kung ang iskor na nakuha mo matapos sagutan ang <u>Pagsasanay Blg. 8</u> ay <u>3</u> pataas huwag mo nang gawin pa ang susunod na gawain subalit kung ang iskor mo ay <u>2</u> pababa, gawin mo ito.

**9. Paunlarin Mo. . .**

Panuto: Isulat ang <u>**W**</u> kung ang kaisipan ng pahayag ay <u>wasto</u> batay sa akda at <u>**M**</u> kung <u>mali.</u>

_____ 1. Ang pangungumpisal ay ginagawa upang maibsan ang kasalanan ng isang taong nagkasala.
_____ 2. Kapag inggit at kapalaluan ang namayani sa puso ng isang tao ay hindi magkakaroon ng katiwasayan sa buhay.
_____ 3. Masama ang ibubunga sa tao ang pagkalulong niya sa bisyo.

______ 4. Ang pagkukunwari ay pagtatago lamang ng kapintasan at kamangmangan
______ 5. Masasabing tunay na katangian ang kagalingang magkunwari ng isang tao.

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

## *Gaano ka na kahusay. . .?*

Panuto: Sagutan ang mga sumusunod, isulat ang iyong sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.

A. Piliin sa loob ng kahon ang letra ng ipinahihiwatig sa bawat pahayag.

1. Isang kisapmata ay nawala ang kausap ni Ibarra ang nakita niya ay galit sa kanyang mukha.
2. Hindi matingkalang tuwa ang nadama ni Ibarra nang makita niya si Maria Clara

> a. Mahal na mahal niya ang dilag
> b. Natakot ang kausap
> c. May nakitang kakilala ang kausap
> d. Matagal na niyang di nakita si Maria Clara.

B. Suriin ang mga mahahaba at maiikling pangungusap at pagkatapos ay piliin sa kahon ang letra ng tamang sagot sa bawat katanungan.

3. Kung ang isasalubong sa iyong pagdating ay masayang mukha't may pakitang giliw, lalong pakaingata't kaaway na lihim na siyang isaisip na kakabakahin.
   Ilang kaisipan mayroon ang pangungusap?
   a. 2 b. 3 c. 4 d. 5
4. "Ako'y duwag. . . duwag na ama. . . . !
   Ang nagsasalita ay;
   a. nagsisisi b. naninisi c. naduduwag e. nagagalit

C. Sabihin kung anong uri ng tunggalian ang napapaloob sa bawat pahayag. Piliin ang sagot sa loob ng kahon sa dakong ibaba.

5. Nag-aalinlangan sa sariling kakayahan si Kap. Pablo.
6. Pinatay ng mga mapang-abusong gwardiya sibil ang mga anak ni Kap. Pablo.
7. Ang pamahalaan ay pinamamahalaan ng mga mapang-abusong pinuno.

a. tunggaliang tao sa sarili
b. tunggaliang tao sa tao
c. tunggaliang tao sa lipunan

D. Piliin sa loob ng kahon ang letra ng tayutay na ginamit sa bawat pahayag.

8. Parang palos sa bilis si Ibarra nang daluhungin niya si Padre Damaso.
9. Nawawala na sa katinuan si Padre Salvi dahil sa marubdob na pag-ibig kay Maria Clara.
10. Ang kalabog ng pagbagsak ng panulukang bato ay nakapagdulot ng takot sa mga dumalo ng pasinaya ng paaralan.

| | |
|---|---|
| a. Onomatopeya | d. Metapora |
| b. Simili | e. Personipikasyon |
| c. Eksaherasyon | |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**Modyul 18 (Batas ng Buhay)**
**SUSI SA PAGWAWASTO**
**Noli Me Tangere**

## ARALIN 1

**Aralin 1**
**IV – Ano Na Ba Ang Alam Mo?**
**A**. 1. B
2. A
**B**. 3. D
. 4. A
**C**. 5. A
6. B
7. C
**D**. 8. C
9. B
10. A


**1. Alamin Mo.**
**A**. 1. E
2. B
3. D
4. C
5. A


**a. Pagsusuring Panlinggwistika**
**a.1**. 1. D
2. E
3. A
4. B
5. C

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**
**b.1** 1. ✓
2. ✓
3. ✗
4. ✓
5. ✗
**b.2**. 6. ✓
7. ✓
8. ✓
9. ✓
10. ✗
**b.3**. 1. M
2. M
3. M
4. M
5. DM

**C. Pagsusuring Pampanitikan**
**c.1**. 1. L
2. T
3. T
4. S
5. L
6. S
**c.2**. 1. B
2. E
3. C
4. A
5. D

**d. Halagang Pangkatauhan**
1. S
2. S
3. S
4. S
5. HS

**4. Palalimin Mo.**
**4.a**. 1. ✓
2. ✓
3. ✓
4. ✓
5.
**4.b**.


**4.c**.



**5. Gamitin Mo.**
1. ✓
2. ✓
3. ✓
4. ✓
5. ✓
6. ✓
7. ✓
8. ✓
9. ✓
10. ✓

**6. Sulatin Mo.**
1). Mula sa kalikasan hanggang sa buhay ng mga nilalang ay naroon ang pag-babaka o paglalaban
2). Kalaban din ng tao ang kanyang kapwa sa kabuhayan, kaginhawaan at kaligayahan

**7. Lagumin Mo.**
**7.a.** 1. ✓
2. ✗
3. ✓
4. ✓
5. ✓
**7.b.** 1. ✓
2. ✓
3. ✓
4. ✓
5. ---

**8. Subukin Mo.**
1. D
2. C
3. F
4. G
5. A

**9. Paunlarin Mo.**
1. M
2. M
3. T
4. M
5. T